Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
**SANGAY NG HILAGANG SAMAR**
Catarman

31 Hulyo 2024

**Memoradum Pansangay**
Blg. 225 s. 2024

**PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2024**

Para kay : Mga Tagamasid Pampurok/Tagapamahalang Pampurok
Mga Punong-guro/Ulong-guro, Paaralang Elementarya, Sekundarya
Mga Guro at iba pang Mga Kinauukulan

1. Alinsunod sa Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997 ang Buwan ng Wikang Pambansa 2024 ay itinakdang ipagdiwang tuwing buwan ng Agosto sa pangunguna ng Komisyon sa Wikang Filipino. Kaugnay rito nakikiisa ang Sangay ng Hilagang Samar sa pagdiriwang na ito na may temang "**FILIPINO: WIKANG MAPAGPALAYA**" na naglalayong ilaan ang Agosto bilang lunsaran ng mga pagpupunyagi sa kasaysayan ng bansa at mga wika.

2. Layunin ng Buwan ng Wika 2024 ang sumusunod:
   a. Ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041;
   b. Maiangat ang kamalayan ng mga mamamayang Pilipino ukol sa wika at kasaysayan nito;
   c. Mahikayat ang iba't ibang ahensiyang pampamahalaan at pampribado na makiisa sa mga programang tulad nito na nagpapataas ng kamalayang pangwika at sibiko;
   d. Maganyank ang mamamayang Pilipino na pahalagahan ang mga wika ng Pilipinas sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga gawain kaugnay ng Buwan ng Wikang Pambansa; at
   e. Maipakilala sa mamamayang Pilipino ang KWF bilang ahensiya ng pamahalaan na nangangalaga sa mga wika ng Pilipinas sa pamamagitan ng mga programang pangwika nito.

3. Sa pagsasakatuparan ng pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa 2024, hinihimok ang lahat ng mga paaralan at tanggapan na susugan ang mga mungkahing gawain na nakasaad sa Memorandum Pangkagawaran Blg. 038, s. 2024, at maalab na iminumungkahing i-***download*** ang nasabing Memorandum bilang Sanggunian.

4. Inaasahan na ang mga pagdiriwang sa mga paaralan at purok ay pangungunahan ng mga Pampaaralan/ Pampurok ng mga Koordineytor sa Filipino sa tulong at buong suporta ng Punong-guro, mga gurong nagtuturo ng Filipino at ng buong paaralan.

5. Bilang pakikiisa ng Opisina ng Sangay sa pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa sa taong ito, ang Seremonya sa Pagtataas ng Watawat sa araw ng Lunes (Flag Raising Ceremony), Agosto 12, 2024 ay inilalaan bilang pagdiriwang ng Sangay. Hinihikayat ang lahat ng mga kawani ng Sangay na magsuot ng **Kasuutang Pilipino** sa araw na ito.

At ang paggamit ng wikang Filipino sa anumang transaksiyon sa loob ng bawat tanggapan ng Opisina ng Sangay at mga paaralan sa buong buwan ng Agosto, 2024 ay masidhing iminumungkahi.

6. Inaasahan na ang Pampurok/Pampaaralan na Tagapag-ugnay sa Filipino ay magsusubmite ng *Activity Completion Report (ACR)* na may kalakip na mga patunay *(MoVs)* ng pagdiriwang sa tanggapan ng *CID,* tawag pansin EPS sa Filipino.

7. Maaaring magamit na pondo ang *Local Funds*, kung mayroon at pahihintulutan alinsunod sa tuntunin ng pamahalaan sa wastong pagtutuos at pag-aawdit.

8. Hinihiling ang madaliang pagtupad at malawakang pagpapalaganap sa Memorandum na ito.

**GAUDENCIO C. ALJIBE JR., PhD, CESO VI**
Pansangay na Tagapamanihala

Kalakip : Wala
Sinusugan: Memorandum Pangkagawaran Blg. 038, s. 2024
Ito'y itatala sa *Perpetual Index* sa ilalim ng sumusunod na mga *area*:
-*Curriculum* -Filipino -Pagdiriwang

DepEd Northern Samar
Date: 8/6/2024